
# Gintong PATNUBAY

VOL.2 NO. 1



**Ang mga** kwentong nakapaloob sa komiks na ito ay pawang kathang-isip lamang ng mga may-akda.
**Ang mga** nasasaad na pangalan ng tao, lugar at pangyayari na may pagkakatugma sa tunay na buhay ay di sinasadya at nagkataon lamang.

# NAGKATAON... NAGKATAGPO...

Sinulat ni **JERRY V. COLASITO**




HAHAHA!
DIYASKENG BATA KAYO. WALA NA KAYONG NAKITA KUNDI SI SOCORRO.
SIGE MA'AM. IPAGTANGGOL NIYO PO AKO SA MGA MAPANLAIT NA IYAN.
SA KABILANG DAKO, MAY SAGOT BA SA BUGTONG NA IYAN?
MERON PO! PUWIT NG KAWALI.
HAHAHA!
DIYOS KO, TAO BA AKO?
HABANG LUMALAKI SI SOCORRO AY MARAMING KATANUNGAN SA KANYANG PAGKATAO NGUNIT MAGING MULA SA SARILING INA AY MAILAP ANG KATOTOHANAN.
MATAGAL NANG UMALIS SA PILIPINAS ANG AMA MO. DI NA NATIN SIYA MAKIKITA PANG MULI.



IYAN LAMANG PO ANG KASAGUTAN NA LAGING NAKUKUHA KO MULA SA INYO.
SAPAGKAT WALANG SAYSAY KUNG MALALAMAN MO PA ANG LAHAT.
GUSTO KO LAMANG MALAMAN KUNG SAAN AKO NAGMULA. KUNG KANINO NANGGALING ANG WARI'Y ALAMBRE KONG BUHOK, O ANG MALA-BURAK KONG BALAT!
TUMIGIL KA RIYAN. KUNG ANU-ANONG DIYALOGO ANG NAKUKUHA MO SA KAKAPANOOD NG TELEBISYON KINA MANG KAKA.
INAY, BAKIT NIYO PA AKO ISINILANG SA MUNDO? AYOKO NANG MASIKIP! AYOKO NANG MABAHO! AYOKO NANG PUTIK!
ABA'T DADAGUKAN NA TALAGA KITA RIYAN.
ANAK, DALAWA NA LAMANG TAYONG MAGKARAMAY SA MUNDO. MAGKASAMA NATING HAHARAPIN ANG MGA HAMOK SA BUHAY.
IPINAPANGAKO KO, INAY. BUKAS LULUHOD ANG MGA...
LULUHOD KA SA ASIN KUNG 'DI KA TITIGIL SA KAKORNIHAN MO!
BAGAMA'T PAYAK LAMANG NA PAMUMUHAY ANG KAYANG IBIGAY NI BARANG SA ANAK, PINUNAN NAMAN NIYA ITO NG SAYA AT PAGMAMAHAL. BILANG INA, KAILANMAN AY HINDI SIYA NAGKULANG SA PAG-AARUGA SA ANAK. SAMU'T-SARING HANAPBUHAY ANG PINASOK NI BARANG UPANG MABUHAY SILANG MAG-INA. SI BARANG AY NAGLAKO NG KAKANIN,
5




NAG-TINDA NG UKAY-UKAY,
TUMANGGAP NG LABAHIN AT...
NAMASUKANG MANANAHI MAITAGUYOD LAMANG ANG ANAK.
NGUNIT SA KABILA NG PAGNANAIS NI BARANG NA MAMUHAY SILA NG TAHIMIK, HINDI PA RIN MAIWASAN ANG MAKAKATING-DILA SA BARYO NA PAG-USAPAN SILANG MAG-INA.
PABILI PO NG PAMINTANG DUROG AT LAUREL.
AYAN NA BA ANG ANAK NI BARANG? ABA'Y DALAGINDING NA.
KAKLASE 'YAN NG ANAK KONG SI JUNIOR. MARUNONG SA KLASE. TAUN-TAON AY UMAAKYAT SA ENTABLADO SI BARANG.
TAUN-TAON DIN NA PARANG KARNABAL NA PINAG-UUSAPAN ANG MAG-INANG 'YAN.
HINDI NA BA TALAGA NAGBALIK ANG KANYANG AMANG NEGRO?
ABA'Y MULA NANG LUMISAN ANG MGA KANO SA CLARK AY 'DI NA NAMIN NAKITA KAHIT NA ANINO.
4


KAWAWANG BATA. WALA NA NGANG AMA, KAY ITIM-ITIM PA.
BAGAMA'T MASAKIT SA KALOOBAN NI SOCORRO, KAHIT PAPAANO AY NALALAMAN NIYA ANG MGA MALILIIT NA DETALYE TUNGKOL SA AMA SA PAMAMAGITAN NG MGA USAPING ITO.
ISA PALANG SUNDALO ANG AKING AMA. NGUNIT NASAAN KA NGA BA, ITAY?
ILANG ULIT DIN NIYANG INURIRAT ANG INA KUNG TOTOO ANG MGA BAGAY NA NARIRINIG SA MGA KABABARYO NGUNIT MATIGAS ANG PANININDIGAN NI BARANG NA IWAKSI SA ANAK ANG NAKARAAN.
SA PAGDAAN NG PANAHON, ISINANTABI NA RIN NI SOCORRO ANG KANYANG MGA KATANUNGAN AT NAGING ABALA SA PAGBUO NG KANYANG MGA PANGARAP.
ABA, SOCORRO. MADILIM NA, NAGWAWALIS KA PA RIYAN. HINDI BA'T MAAGA ANG LUWAS MO SA MAYNILA BUKAS?
NILILINIS KO LAMANG PO ANG HARDIN. BAKA HO MAIPON ANG MGA TUYONG DAHON DITO HABANG WALA AKO. ABALA NA RIN KASI KAYO SA PANANAHI NGAYO'T MERON NA TAYONG SEGUNDA-MANONG MAKINA.
UBO UBO
KITA NA NINYO. INUUBO NA KAYO SA SOBRANG TRABAHO.
'WAG MO AKONG ALALAHANIN, ANAK. INTINDIHIN MO ANG SARILI MO AT ANG PAGKOKOLEHIYO MO.
5


SA WAKAS, INAY. MAKAKATAKAS NA RIN AKO SA MGA MAPANLAIT NATING KABABARYO. MAS TANGGAP SIGURO SA MAYNILA ANG MGA KATULAD KO.
PARA SA AKIN, IKAW ANG PINAKAMAGANDA AT PINAKAMABUTING ANAK. PATUNAYAN MO SA LAHAT NA HINDI MAAANINAG SA KULAY NG TAO ANG TAGUMPAY. TIBAYAN MO ANG LOOB MO, LALO NA'T MALAYO AKO SA TABI MO PARA GABAYAN KA.
HINDI KO KAYA, INAY. MASAKIIIIT...!
KAYA MO 'YAN, ANAK.
HINDI, INAY. MASAKIT TALAGA! MASAKIT ANG MAAPAKAN NG BAKYA NINYO. AGUYYY. NAMATAY YATA ANG KUKO KO!
PURO KA TALAGA KALOKOHAN, BATA KA.
BAGAMA'T PINATIBAY NG MGA PAGSUBOK SA BUHAY, HINDI PA RIN MAPIGILAN NI SOCORRO ANG PANGHIHINAAN NG TUHOD NANG SA UNANG PAGKAKATAON AY MASAKSIHAN ANG MABILIS NA AGOS NG BUHAY SA MAYNILA.
MAGING SA UNANG ARAW SA KOLEHIYO AY MISTULANG NALILIGAW NA KUTING SI SOCORRO.
SUSMARYOSEP! ASAN BA ANG LINTEK NA ORIENTATION HALL?
6


MISS, NAGKAMALI KA YATA NG PINUNTAHAN. HINDI DITO ANG ATI-ATIHAN.
ABA'T WALANG MODO... BALDOMERO? IKAW BA'YAN?
ABA'T NAG-IMPROVE YATA ANG HITSURA NG LOKO.
AKO NGA ITO, SI BAL. MALAYO KA PA NAKILALA NA KITA. MUKHA KA KASING NAGLALAKAD NA IPIN. HEHEHE.
DI KA PA RIN NAGBABAGO. HAMBOG KA PA RIN. PARAAN NGA RIYAN!
TREASUR
KANINA PA KITA PINAGMAMASDANG PALAKAD-LAKAD. NALILIGAW KA BA?
A-AKO, NALILIGAW? HINDI AH!
NANG MAKITA KASI KITA KANINA, HILAW PA 'YANG PAPAYANG BITBIT MO SA BAYONG. NGAYON, HINOG NA. HAHAHA!
ABA'T ANTIPATIKO TALAGA ITO!
KUNG ORIENTATION HALL ANG PUNTA MO, KUMALIWA KA AT MATATANAW MO ANG GUSALI NA MAY BERDENG BUBONG.
ALAM KO. DOON NAMAN ANG PUNTA KO. PAALAM!
HINDI MO BA AKO PASASALAMATAN? SAPAT NANG KABAYARAN SA TULONG KO ANG DALA MONG PAPAYA. HAHAHA!
HAMBOG!


DUMAAN ANG MGA ARAW AT NATUTONG MAKISABAY SA AGOS SI SOCORRO. NAGSUMIKAP SIYA UPANG MAPABUTI ANG PAG-AARAL NG KURSONG EDUKASYON.
DAHIL HINDI SAPAT ANG PERANG IPINAPADALA NG INA, KINAILANGAN DIN NI SOCORRO NA MAGTRABAHO SA MGA FASTFOOD CHAINS UPANG MATUSTUSAN ANG PAG-AARAL.
SA PAMINSAN-MINSANG PAGTUNGO SA MAYNILA NG INA, NAPANSIN NI SOCORRO ANG PAGBAGSAK NG KATAWAN NITO.
MATAGAL PA NAMAN ANG SUSUNOD NA ENROLMENT AT NAPAGKAKASYA KO NAMAN ANG KINIKITA KO SA ARAW-ARAW NA GASTUSIN. HUWAG MUNA KAYONG TUMANGGAP NG MARAMING TAHIIN.
HINDI BA'T SINABI KO, WAG MO KONG ALALAHANIN. 'YANG PAG-AARAL MO ANG ATUPAGIN MO.
HAYAAN NINYO, INAY. 'PAG NAKATAPOS AKO, IAAHON KO KAYO SA KAHIRAPAN.
GANYAN, ANAK. 'WAG KANG SUSUKO.
KUNG MERON SANA AKONG AMA NA MAGIGING KATUWANG NAMIN SA HIRAP...


NAGBUNGA NGA ANG PAGSISIKAP NG MAG-INA. DUMATING ANG ARAW NG PAGTATAPOS SA KOLEHIYO NI SOCORRO
BAKIT WALA PA KAYA ANG INAY KO?
PAPARATING NA SIGURO IYON.
NABABAHALA AKO, MILDRED.
NATAPOS ANG GRADUATION RITES NANG HINDI NASILAYAN NI SOCORRO ANG INA.
NAGPASYA ITONG UMUWI KAAGAD SA KANILANG BAYAN NANG HINDI NA MATIIS ANG PAG-AALALANG NAPARAMA.
PAMPANGA LINER
HALOS MAGUNAW ANG MUNDO NI SOCORRO SA NASAKSIHAN. NAKARATAY SA BANIG ANG INANG MALUBHA ANG KARAMDAMAN.


KUKUNIN KO SANA KAY ALING BARANG ANG PINATAHI KONG PANTALON PERO NAKITA KO NA LAMANG SIYANG NAKAHANDUSAY SA SAHIG NA WALANG MALAY.
ANO HO ANG SABI NG DOKTOR?
MALUBHA NA DAW ANG TB NG IYONG INA.
DIYOS KO! INAY, BAKIT HINDI NINYO IPINAALAM SA AKIN? DADALHIN KO KAYO SA OSPITAL!
ANAK, PASENSIYA KA NA. HINDI AKO NAKADALO SA GRADUATION MO. TUMAYO KA, ANAK. GUSTO KONG MAKITA ANG AYOS MO SA ARAW NG IYONG GRADUATION.
KAHIT NA MAMAHALIN ANG MGA DAMIT NG MGA KAKLASE KO, PAKIRAMDAM KO ANG DAMIT KO ANG PINAKA-MAGARA SA LAHAT.
KAY GANDA MONG PAGMASDAN, ANAK.
INAY, HINDI GANAP ANG PAGTATAPOS KO KUNG GANYAN ANG KALAGAYAN NINYO.
TUPARIN MO ANAK LAHAT NG MGA PANGARAP NATIN. KAHIT WALA NA AKO, 'WAG MONG KALIMUTANG ISIPIN NA ANG TAGUMPAY MO AY TAGUMPAY KO RIN.
INAY, 'WAG KAYONG MAGSALITA NG GANYAN. SABAY PA NATIN TUTUPARIN LAHAT NG PANGARAP NATIN.
10


PATAWARIN MO AKO ANAK SA LAHAT NG PAGKUKULANG KO. ANG TUNGKOL SA IYONG AMA... MAYROONG KAHON SA ILALIM NG TOKADOR...
AT TULUYAN NA NGANG NAPUTOL ANG HININGA NI BARANG. HALOS HINDI MAGKAMAYAW SA PAG-IYAK SI SOCORRO.
HU-HU-HU!
NANG IBABA NA ANG KABAONG NI BARANG, WARI'Y GUSTO NA NIYANG SUMAMA SA HUKAY.
NGUNIT ANG MGA HULING SALITA NG INA ANG NAGSILBING LAKAS PARA SA KANYA UPANG IPAGPATULOY ANG BUHAY. TUTUPARIN NIYA ANG PANGARAP NILANG MAG-INA NA UMASENSO ANG BUHAY.
HINDI RIN MAALIS SA ISIPAN NI SOCORRO ANG SINABI NG INA BAGO PUMANAW. ANG KAHON BANG NASA ILALIM NG TOKADOR ANG KASAGUTAN SA MGA TANONG TUNGKOL SA AMA? SA PAGUWI, AGAD NIYANG TINUNTON ANG TOKADOR. HAYUN NGA SA ILALIM, ISANG KAHON.
BINUKSAN NIYA ITO NA NANGINGINIG PA ANG MGA KAMAY. NAROON ANG ILANG MGA SULAT MULA SA NEW HAMPSHIRE, USA. ISA-ISANG BINUKLAT NI SOCORRO ANG MGA SULAT.
SA LOOB NG ANIM NA TAON, NAKA-WALONG SULAT SI HOMER WELLS SA KANYANG INA. ANG PETSA NG HULING SULAT AY LABING-APAT NA TAON NA ANG NAKAKARAAN. NILALAMAN NG MGA SULAT NA ITO ANG PAGHINGI NG TAWAD NI HOMER DAHIL SA PAG-IWAN NITO SA INA.
LAHAT NG ITO AY MULA KAY HOMER WELLS. SIYA NA KAYA ANG AKING AMA?


KINAILANGAN NIYANG BUMALIK SA AMERIKA SAPAGKAT MAYROONG SIYANG KASINTAHAN NA NAIWAN SA KINALAKIHANG BAYAN. SA MGA SULAT, WARI AY HINDI ALAM NI HOMER NA NAGBUNGA ANG KANILANG PAGMAMAHALAN NI BARANG.
NABATID DIN NI SOCORRO MULA SA MGA SULAT NA HINDI SINASAGOT NI BARANG ANG MGA LIHAM NG AMA.
SA ILALIM NG KAHON, NATAGPUAN NI SOCORRO ANG ISANG LITRATO. NAKALARAWAN ROON ANG KANYANG AMA'T INA NA MAGKAAKBAY. KINUHA IYON SA ISANG RESTAWRAN. KAPWA NAKANGITI SI BARANG AT HOMER SA LITRATO NA WARI'Y WALANG HANGGAN ANG KALIGAYAHANG NARARAMDAMAN SA PILING NG ISA'T ISA. NABUO SA ISIPAN NI SOCORRO NA MINAHAL NG AMA ANG KANYANG INA NGUNI'T SA 'DI TAMANG PANAHON AT PAGKAKATAON.
IKAW NA LANG ANG PAMILYA KO, ITAY. GAGAWIN KO ANG LAHAT, MAGKITA LAMANG TAYO.
NANG GABI RING IYON, SINIMULAN NI SOCORRO NA SULATAN ANG AMA. NAGPAKILALA SIYA NA ANAK SIYA NI BARANG NA KAKAPANAW PA LAMANG. NAKASAAD DIN DOON NA MAAARING HINDI BATID NI HOMER WELLS NA NAGKAROON SIYA NG SUPLING KAY BARANG SAPAGKAT INILIHIM ITO NG INA NA HANGGANG NGAYON AY 'DI MAWARI NI SOCORRO ANG DAHILAN.
NAGLAKIP PA SIYA NG LITRATO KUHA NOONG GRADUATION NIYA.
12




TATLONG BUWAN NA ANG NAKAKALIPAS NANG MAIPADALA KO ANG LIHAM PERO WALA PA RIN AKONG SAGOT NA NATATANGGAP SA AMERIKA.
S MGA HAM NI SOCORRO SA AMA AY NASUNDAN PA NG ILANG BESES NGUNIT LUMIPAS ANG MAHIGIT NA DALAWANG TAON NA WALANG KASAGUTAN NA NATATANGGAP.
FOREIGN
SAMANTALA, SA MGA PANAHONG ITO AY NAKUHANG MAGTURO SI SOCORRO SA ISANG PAMPUBLIKONG KOLEHIYO SA MAYNILA.
SINUBSOB NA LAMANG NI SOCORRO ANG SARILI SA PAGTUTURO UPANG MAPAWI ANG KALUNGKUTANG NADARAMA SA PANGUNGULILA SA INA, AT MAGING SA AMANG SA LITRATO PA LAMANG NAKIKITA.
DICTIONARY
THESAURUS
ISANG GABI, BINUKSAN MULI NI SOCORRO ANG KAHON UPANG BASAHIN ANG MGA SULAT.
MAY NAKITA SIYANG KAPIRASONG PAPEL NA HINDI NIYA NAPANSIN NOONG UNANG MATAGPUAN ANG KAHON. SA PAPEL NA ITO NAKASULAT ANG NUMERO NG TELEPONO.



ITO NA KAYA ANG NUMERONG MAGBIBIGAY PAG-KAKATAON SA AKIN UPANG MAKA-USAP ANG AKING AMA?
KINAUMAGAHAN AY DAGLI SIYANG PUMUNTA SA PAMPUBLIKONG TELEPONO BITBIT ANG NATAG-PUANG NUMERO. ILANG ULIT NIYANG PRINAK-TIS SA ISIP KUNG ANO ANG SASABIHIN SA AMA.
NANGANGATOG ANG TUHOD NI SOCORRO HABANG PINIPINDOT ANG MGA NUMERO. NAG-UMPISANG MAG-RING ANG TELEPONO.
HELLO.
G-GOOD DAY, SSIR. ER. MAY I SPEAK WITH MR. HOMER WELLS P-PLEASE?
OH, SORRY. HE'S NOT LIVING HERE ANY-MORE. IT'S BEEN FIVE YEARS SINCE I BOUGHT THIS HOUSE FROM HIM.
DO YOU KNOW WHERE I CAN REACH HIM?
I HEARD HIS FAMILY MOVED TO CANADA. IN VANCOUVER, I THINK. THAT'S ALL I KNOW, THOUGH. WE'RE NOT EXACTLY BUDDIES, YOU KNOW.
HALOS MANG-LUMO SI SOCORRO SA NALAMAN. SAAN SA VANCOUVER, CANADA NIYA HAHAGILAPIN ANG AMA?




NANG MALAMAN ANG PANGALAN NG AHENSIYA, NANGHINGI AGAD NG APPOINTMENT DOON SI SOCORRO. MAGARA AT MALAKI ANG OPISINA.




ANG MGA EMPLEYADONG LALAKI AY MGA NAKA-KURBATA AT ANG MGA BABAE NAMAY ELEGANTE ANG SUOT. PINAPUNTA SIYA SA ISANG SILID KUNG SAAN NABUNGARAN NIYA ANG IBA PANG APLIKANTE. BAKAS RIN SA MGA MUKHA NITO ANG MAGKAHALONG PANGAMBA AT ANTISIPASYON.




SA WAKAS, TINAWAG ANG PANGALAN NI SOCORRO UPANG INTERBYUHIN.
ANG AHENSIYA NAMIN AY TUMUTULONG UPANG MAG-EVALUATE NG KWALIPIKASYON NG MGA APLIKANTE KUNG POSIBLE BA SILANG MAGAWARAN NG VISA PAPUNTA SA IBANG BANSA. DALA MO BA ANG MGA HINIHINGI NAMING MGA DOKUMENTO?
OHO, ITO.
ISA-ISANG SINURI NI MR. VALDEZ ANG MGA DOKUMENTONG PINASA NI SOCORRO.
ANG PAGBIBIGAY NG VISA PARA SA MGA GUSTONG MAG-MIGRATE SA CANADA AY MAY PINAGBABASEHANG POINT SYSTEM. MAGANDA ANG KWALIPIKASYON MO PERO MAAARING MAGKULANG ANG IYONG PUNTOS PARA MAKAPASA SA MINIMUM REQUIREMENT.
ANO HO ANG KAILANGAN KONG GAWIN?
Rodolfo M. Valdez
HANDA KA BANG GUMAWA NG MGA HINDI PANGKARANIWANG HAKBANG PARA MAKARATING SA CANADA?
HO? HINDI KO KAYANG MAGBENTA NG PURI!
MAGHUNUS-DILI KAYO, MISS MACABEBE. HINDI IYON ANG IBIG KONG SABIHIN.
KAHIT I-BARGAIN 'YANG PURI MO, WALANG BIBILI.
AYOKO RING MAG-TNT, KUNG 'YAN ANG PATUTUNGUHAN KO.
HINDI NAGREREKOMENDA ANG AHENSIYA NAMIN NG GANYANG MGA HAKBANGIN. ANG PARAANG NAIISIP KO AY MAARING MAGPADALI SA PROSESO NG IYONG APLIKASYON PARA SA IMMIGRANT VISA. MISS MACABEBE, HANDA KA BANG MAGPAKASAL SA DARATING NA LINGGO?
MASYADO NAMAN KAYONG MABILIS, MR. VALDEZ. BAKA GUSTO NIYO MUNA AKONG LIGAWAN.
16


HINDI AKO ANG TINUTUKOY KONG PAKAKASALAN MO, KUNDI ISA RING APLIKANTE NA INHINYERO NA NANGANGAILANGAN NG KARAGDAGANG PUNTOS PARA MAABOT ANG MINIMUN NA PUNTOS. MAS KAKAILANGANIN MO SIYA SAPAGKAT MAY KARAGDAGANG PUNTOS ANG PAGKAKAROON NIYA NG KAPATID SA CANADA. KAPAG PINAGSAMA ANG INYONG PUNTOS BILANG MAG-ASAWA, MAS MALAKI ANG PAG-ASANG MAKAPUNTA KAYO NG CANADA.
KUNG IYAN ANG PARAAN PARA MAKARATING NG CANADA AT MAKITA ANG AKING AMA, ITATAYA KO ANG AKING DANGAL PARA DITO.
SAMAKATUWID, BUMALIK KA DITO BUKAS PARA MAKILALA ANG IYONG PAKAKASALAN.
NANG GABING IYONG AY HINDI NAKATULOG SI SOCORRO.
KINABUKASAN...
SOCORRO, SIYA ANG IYONG MAPAPANGASAWA.
BAL? IKAW ANG PAKAKASALAN KO? PINAGLALARUAN BA TALAGA AKO NG TADHANA...? LAGI NA LAMANG BANG SI BAL? SI BAL NA WALANG MALAY?
WAG KA NGANG MAARTE RIYAN. AKO NGA ITONG DEHADO KUNG MAGKAKATAON. WALA NA HO BANG IBANG PUWEDENG PAKASALAN BUKOD SA BABAENG ITO, MR. VALDEZ?


TIGNAN MO NGA NAMAN. ABA'T MAGKAKILALA PA PALA KAYO. HINDI BA'T MAS MAGANDA DAHIL KAKALINTING ADJUSTMENT NA LAMANG ANG KAILANGAN NINYONG GAWIN? MAAARI NAMAN KAYONG MAG-FILE NG ANNULMENT PAGKATAPOS NG ILANG TAON. ALALAHANIN NIYO NAKATAYA DITO ANG PANGARAP NINYONG MAKARATING SA CANADA.
PAGKATAPOS NG MAHABANG PAGKUKUMBINSE, NAGKASUNDO RIN ANG DALAWANG
CANADIAN EMBASSY
LAKING TUWA NILA NANG MA-APRUBA ANG KANILANG APLIKASYON.
NAGTUNGO SILA SA TANGGAPAN NG COMMISSION ON FILIPINOS OVERSEAS PARA MAGPAREHISTRO AT DUMALO SA ORIENTATION.
COMMISSION ON FILIPINOS OVERSEAS
SA BANSANG CANADA, IBA ANG KULTURA AT URI NG PAMUMUHAY NG TAO. KAKAILANGANIN NINYONG MAG-ADJUST AT MAKISABAY SA DALOY NG KANILANG PAMUMUHAY PARA TULUYANG MAGING BAHAGI NG KANILANG KOMUNIDAD.
18


M. Valdez
TIGNAN MO NGA NAMAN. ABA'T MAGKAKILALA PA PALA KAYO. HINDI BA'T MAS MAGANDA DAHIL KAKAUNTING ADJUSTMENT NA LAMANG ANG KAILANGAN NINYONG GAWIN? MAAARI NAMAN KAYONG MAG-FILE NG ANNULMENT PAGKATAPOS NG ILANG TAON. ALALAHANIN NIYO, NAKATAYA DITO ANG PANGARAP NINYONG MAKARATING SA CANADA.
PAGKATAPOS NG MAHABANG PAGKUKUMBINSE, NAGKASUNDO RIN ANG DALAWANG MAGPAKASAL.
CANADIAN EMBASSY
LAKING TUWA NILA NANG MA-APRUBA ANG KANILANG APLIKASYON.
NAGTUNGO SILA SA TANGGAPAN NG COMMISSION ON FILIPINOS OVERSEAS PARA MAGPAREHISTRO AT DUMALO SA ORIENTATION.
COMMISSION ON FILIPINOS OVERSEAS
SA BANSANG CANADA, IBA ANG KULTURA AT URI NG PAMUMUHAY NG TAO. KAKAILANGANIN NINYONG MAG-ADJUST AT MAKISABAY SA DALOY NG KANILANG PAMUMUHAY PARA TULUYANG MAGING BAHAGI NG KANILANG KOMUNIDAD.


BAGAMA'T DI PA RIN MAG-ASAWA ANG TURINGAN, NAGKASUNDO SILANG TULUNGAN ANG ISA'T ISA PARA SA KATIWASAYAN NG LAHAT.
DITO KA NA SA KAMA, MATULOG. MAGLALATAG NA MUNA AKO NG KUMOT SA SAHIG.
SALAMAT, BAL. HAYAAN MO, MAY KUTSON NA IBINEBENTA SA ISANG GARAGE SALE DIYAN SA KABILANG KANTO. MAY KAKAUNTI PA NAMAN TAYONG PERA.
DI NAGLAON AY NAKAHANAP RIN SILA NG HANAPBUHAY. SI BAL, BAGAMA'T INHINYERO SA PILIPINAS, AY CONSTRUCTION WORKER SA UMAGA.
AT TAGA-SALANSANG NG MGA NAHULING ISDA SA PIER SA GABI.
DON'T WORRY, MAN. YOU'LL GET USED TO THE STINK.
KAHIT 'SANDAANG LIGO, HINDI YATA MAALIS ANG AMOY NA ITO.
SI SOCORRO NAMAN AY NATANGGAP BILANG ISANG GURO SA ISANG PAMPUBLIKONG HAYSKUL MAKARAAN ANG ILANG APLIKASYON SA IBA'T-IBANG ESKUWELAHAN.
CLASS, WHO WROTE THIS?
Go Home Brown/Black Monkey
WE'RE JUST CURIOUS, MS. MEYNALEY... I CAN'T EVEN PRONOUNCE YOUR NAME. WHERE EXACTLY DID YOU COME FROM? 'COZ YOU LOOK RATHER... VAGUE.
I CAME FROM THE PHILIPPINES.
20



WHERE THE HELL IS THE PHILIPINES?
MUST BE IN SOUTH AMERICA. PROBABLY NEAR THE AMAZON.
THE PHILIPPINES IS IN SOUTHEAST ASIA. ITS CAPITAL IS MANILA.
OH, THE PLACE WHERE THE PEOPLE HAVE NO ARMS, LEGS OR TEETH...WHERE IT REEKS AND THERE ARE COCKROACHES EVERYWHERE. THE LIKES OF YOU MUST BE GODDESSES FROM WHERE YOU CAME FROM.
HAHAHA!
CLASS, YOU'RE NOT BEING FUNNY!
AND SHE SPEAKS ENGLISH!
HAHAHA!
I'LL COME BACK IF YOU'RE READY TO SHOW SOME RESPECT!
EEEK!
HAHAHA!
21


MAY MGA PAGKAKATAONG GUSTO NANG SUMUKO SI SOCORRO AT BUMALIK NA LAMANG SA PILIPINAS. NGUNIT ANG MGA PANGARAP SA KANYANG INA ANG NAG-UUDYOK SA KANYA UPANG IPAGPATULOY ANG LABAN. SA KABILA RIN NG MGA PAG-GABAY NITO KAY BAL UPANG MASANAY SA PAMUMUHAY SA CANADA, MADALAS AY MAKITAAN NIYA ITO NANG PANGHIHINA NG LOOB.
HELLO SOXY... MY BEATIFUL LOVING WIFE. HOW WASSH YOUR DAYZ DID S-SOMEONE IN SCHOOL STICK A GUM AGAIN IN YOUR HAIR? HAHAHA...
BAL, HINDI NAKAKATAWA ANG MGA DINARANAS KO. KUNG HINDI LAMANG BAWAL ANG PHYSICAL CONTACT, MATAGAL KO NANG ISA-ISANG PININGOT ANG MGA TALIPANDAS KONG ESTUDYANTE.
GAYAHIN MO 'KO MY DARLING WIFE. INUPAKAN KO KANINA 'YUNG SH-SITE ENGINEER NAMIN. SINABIHAN BA NAMAN AKONG MORON!? EH MASH MATALINO PA FOREMAN KO SHA 'PINAS KAYSHA KANYA EH.
KAYA BA NAPAALIS KA NA NAMAN SA TRABAHO AT NAGLALASING KA!? BAL, HINDI MO BA NAIISIP ANG MGA BAYARIN NATIN SA APARTMENT, SA KURYENTE? NAGTITIIS AKO, BAL. NAKIKISAMA KAHIT MAHIRAP GAWIN. WALA TAYO SA PILIPINAS NA MAY AGARANG MATATAKBUHAN SA ORAS NG KAGIPITAN.


HUWAG MO NGA AKONG PANGARALAN! HINDI MO AKO LUBOS NA KILALA. ASAWA LANG KITA SA PAPEL!
OO NGA PALA, BAL. I WAS NEVER YOUR PARTNER. I'M JUST YOUR WIFE, KAYA HINDI MO AKO NIRI-RESPETO! 'WAG KANG MAG-ALALA. BUKAS NA BUKAS, MAGHAHANAP AKO NG MALILIPATAN KO.
SOCORRO, 'DI KO SINASADYA ANG MGA SINABI KO. PAGPASENSIYAHAN MO NA AKO. NASABI KO 'YUN DAHIL SA HIRAP NA HIRAP NA AKONG MAMUHAY DITO. 'WAG MO AKONG IIWAN SAPAGKAT 'DI KO KAKAYANIN...
KUNG GAYON, MAGTULUNGAN TAYO. KAYA NATING MAGTAGUMPAY SA BANSANG ITO KUNG MAGDADAMAYAN TAYO. MARAMING PILIPINONG NANGIBANG-BAYAN AY DUMAAN DIN SA HIRAP NGUNIT DAHIL SA LIKAS NA TATAG NG LOOB AY NAGTAGUMPAY RIN.
SA PAGDAAN NG PANAHON AY UNTI-UNTI NA SILANG NASANAY NA MAMUHAY SA CANADA.
KUMAIN KA NA MUNA, BAL. MAGHAPON KA NANG SUBSOB DIYAN SA MGA LIBRO MO.
PUSPUSAN NA ANG PAGREREBYU KO SAPAGKAT SA ISANG LINGGO NA ANG EKSAMINASYON. ITO LAMANG ANG PARAAN UPANG MAGING LISENSIYADONG INHINYERO AKO DITO.
O SIYA, IIWAN NA MUNA KITA. TUTUNGO LAMANG AKO SA ESKUWELA UPANG TINGNAN KUNG MAAYOS NA ANG TEATRO PARA SA AMING DULA BUKAS.
BILIB AKO SA IYO. NAPAPAYAG MO ANG ESKUWELAHAN NA ITANGHAL ANG "IBONG ADARNA". MAG-IINGAT KA SA DAAN.
25


SA PAGSASAMA AY UNTI-UNTING NAHULOG ANG LOOB NILA SA ISA'T-ISA, BAGAMA'T HINDI TAHASANG SINASABI ANG MGA DAMDAMIN.
SA WAKAS, SA PAMAMAGITAN NG INTERNET AY NATUNTON NILANG DALAWA KUNG SAAN SA VANCOUVER NAROON ANG NAGNGANGALANG HOMER WELLS.
SOXY, SA WAKAS! NAHANAP KO SA INTERNET KUNG NASAAN SA VANCOUVER ANG IYONG AMA.!
SIYANGA BA? MARAMING SALAMAT
SINUWERTE SILA SAPAGKAT IISA LANG NAMAN ANG NAGNGANGALANG GAYON SA BUONG VANCOUVER.
SIGE, KUMATOK KA NA.
NATATAKOT AKONG HINDI MATANGGAP NG AKING AMA.
ANG NAGBUKAS NG PINTO AY ISANG BABAE.
HI. I'M SOCORRO MANALAYSAY. I'M LOOKING FOR MR. HOMER WELLS.
I'M SUSAN, HIS WIFE.
HOW DO YOU DO, MA'AM ? I'M THE DAUGTHER OF MR. WELLS' OLD FRIEND BACK IN THE DAYS WHEN HE WAS STATIONED AT THE CLARK AIR BASE, IN THE PHILIPPINES.
PLEASE DO COME IN.
24



ANG LOOB NG BAHAY AY SIMPLE NGUNIT PUNUNG-PUNO NG ALAALA NG ISANG MASAYANG PAMILYA. NAPAPALIGIRAN ITO NG MGA LITRATO NG MGA EKSENA SA IBA'T IBANG OKASYON NG BUHAY NG NG AMA. ANG PAGSILANG NG ANAK, ANG PAMAMASYAL SA BEACH, MGA KAARAWAN NG APO.
KUMUROT SA PUSO NI SOCORRO ANG MGA LARAWAN NG PAGTATAPOS NG MGA ANAK NI HOMER WELLS.
HOMER IS INSIDE HIS ROOM. I'M GOING TO WAKE HIM UP. EXCUSE ME.
LUMABAS MULA SA KUWARTO ANG BABAE NA TULAK ANG WHEELCHAIR KUNG SAAN NAKAUPO ANG ISANG LALAKING WARING NAKAHIWALAY SA MUNDONG GINAGALAWAN.
BATID NI SOCORRO NA ANG KANYANG AMA IYON. PINILIT NIYANG HINDI LUMUHA SA NASAKSIHAN. KAHARAP NGA NIYA ANG AMA NGUNI'T WALA NAMAN ITONG KAKAYAHAN NA MAKILALA SIYA. LUMAPIT SIYA RITO AT MATAGAL NA NIYAKAP NG MAHIGPIT.
I CAME HERE TO GIVE YOU THIS. MY MOTHER, BARBARA MACABEBE, DID NOT FORGET YOU UNTIL HER DYING DAYS. PAALAM, ITAY.


...AT TULUYAN NA NGANG NAGPAALAM SINA SOCORRO AT BAL KAY HOMER WELLS AT ASAWA NITO.
BAKIT HINDI KA NAGPAKILALANG ANAK NIYA?
WALA RING SAYSAY. MAYSAKIT SIYA AT PALAGAY KO, NABUHAY SIYA NG MATIWASAY KASAMA NG KANYANG PAMILYA. SAPAT NA SA AKIN ANG NAKITA SIYA.
ALAM MO BA KUNG ANO ANG NATUTUNAN KO NGAYONG ARAW NA ITO?
ANO?
NA KAPAG MAHAL MO ANG ISANG TAO, HUWAG MO SIYANG PAKAKAWALAN PA. PATAWARIN MO AKO SA LAHAT NG PANLALAIT KO NOON. NAKITA KO NA ANG KAGANDAHANG DI KO NAKITA SA UMPISA PA LANG. SOCORRO, I'M ALSO JUST A BOY STANDING IN FRONT OF A GIRL ASKING HER TO LOVE ME.
SHUT UP BAL. YOU HAD ME AT HELLO.
WAKAS
26

# Pangarap na Naudlot

Sinulat nina ALLEN JOYCE JADIE at ROCHELLE FAVILA







BAGO SILA TUMUNGO SA AMERIKA, LAHAT NG KANILANG ARI-ARIAN DITO SA PILIPINAS AY KANILANG IPINAGBILI UPANG MAGKAROON SILA NG SAPAT NA BAON SA KANILANG PAKIKIPAG-SAPALARAN SA IBAYONG DAGAT.
FOR SALE
AT DUMATING NA NGA ANG NAKATAKDANG ARAW NG KANILANG PAG-ALIS.
DAHIL WALANG KASIGURADUHAN ANG KANILANG PAKIKIPAGSAPALARAN, SILA AY LUBHANG NAHIRAPAN. KAHIT SILA'Y MGA LISENSIYADONG DOKTOR SA PILIPINAS, ANG KANILANG QUALIFICATION AY HINDI KINIKILALA SA IBANG BANSA.
ILANG ARAW NA AKONG NAGHAHANAP NG TRABAHO SUBALIT HINDI KINIKILALA ANG AKING PINAG-ARALAN. KADALASANG OFFER NILA AY BILANG ISANG MEDICAL ASSISTANT LAMANG.
SAYANG NAMAN YATA ANG SAMPUNG TAON KONG PAG-AARAL NG MEDISINA KUNG ASSISTANT DIN LANG ANG KABABAGSAKAN KO.
E GANOON NGA DAW ANG KALAKARAN DITO. MADALAS NABABANG URI NG TRABAHO ANG KINABABAGSAKAN NG MGA PINOY KASI BALEWALA IYANG MGA DIPLOMA NATIN SA PILIPINAS. NAKU, MALAPIT NG MAUBOS ANG BAON NATIN!
OO NGA. MAPIPILITAN NGA YATA TALAGA AKONG TANGGAPIN IYONG OFFER SA AKIN BILANG MEDICAL ASSISTANT D'YAN SA MARY JOHNSON HOSPITAL. SABAGAY, PAGTITIYAGAAN KO NA MUNA IYAN HANGGA'T MAGKAROON AKO NG SAPAT NA WORK EXPERIENCE
SIGE NA MUNA, HANGGAT WALA PA TAYONG KARAPATANG MAMILI NG TRABAHO.
IYONG MGA BATA PALA, NAI-ENROLL KO NA DIYAN SA JOHNSON HIGH. SI CHRISTIAN AY SA GRADE 7 LAMANG.
BAKIT NAMAN GRADE 7 LANG? DI BA DAPAT 2nd YEAR HIGH SCHOOL NA SYA NGAYONG PASUKAN?


IBA KASI ANG EDUCATIONAL SYSTEM NILA DITO. BAYAAN MO NA AT WALA RIN NAMAN TAYONG MAGAGAWA.
PUMASOK NA NGA SI WILFRED SA OSPITAL BILANG ISANG MEDICAL ASSISTANT. TINANGGAP NIYA NA ITO PARA NAMAN KAHIT PAPANO AY KUMITA SIYA NG PERA PARA SA KANYANG PAMILYA
GOOD MORNING, WILFRED. I'M DR. WILL HARTFORD. I'LL BE YOUR CHIEF SUPERVISOR.
GOOD MORNING TOO, SIR.
DR. WILL HARTFORD
I'M SURE YOU'LL FEEL VERY AT HOME HERE SINCE MOST OF OUR NURSES ARE FILIPINA. ACTUALLY, I HAVE A GOOD IMPRESSION ON FILIPINOS AS VERY DEDICATED AND HARD WORKING.
NAIS NA RIN KASI SANA NILANG MAKAROON NG SARILING TIRAHAN DAHIL PANSAMANTALA SILANG NANINIRAHAN SA KAPATID NI IRMA NA SI TINA.
MA, PAG-NAKAIPON NA TAYO NG KONTI, MAS MAKAKABUTING BUMUKOD NA TAYO. PAKIRAMDAM KO NAGIGING PABIGAT LANG TAYO SA PAMILYA NG ATE MO.
PERO HABANG HINDI PA NATIN KAYA, MAGTIIS MUNA TAYONG MAKISAMA.
HALOS ISANG BUWAN NA SILANG NAKATIRA SA NASABING KAPATID NI IRMA AT PARANG HINDI NA SILA KOMPORTABLE. HINDI NILA AKALAING MAHIRAP DIN PALANG MAKIBAGAY SA ISANG KAMAG-ANAK.
WHERE THE HELL IS MY CHOCOLATE?
OH HON, I GAVE IT TO CHRISTIAN AND CAMILLE. DON'T WORRY, I'LL JUST BUY YOU ANOTHER ONE.
WHY DO WE NEED TO KEEP ON FEEDING THEM?...
OH, DON'T SAY THAT!
3


ANG USAPANG YUN AY NARINIG NIYA. PARANG NANLILIIT NA LAMANG SI WILFRED DAHIL NAHIHIYA NA RIN SIYA SA KANYANG ASAWA'T MGA ANAK.
PAKIRAMDAM KO WALA NA AKONG MUK-HANG MAIHAHARAP SA PAMILYA KO, AKO PA NAMAN ANG PADRE DE PAMILYA.
DAY-OFF NI WILFRED, NAISIPAN NG PAMILYANG MA-MASYAL SA CENTRAL PARK.
NOON PA MAN AY AYAW NA TALAGA NI CHRISTIAN MANGIBANG-BANSA. HANDA NGA ITONG MAGPAIWAN NA LAMANG SA PILIPINAS KASI MASAYA NA RAW SIYA KASAMA ANG MGA KAIBIGAN.
SI CAMILLE NAMAN ANG EXCITED MAKAALIS DAHIL NAIISIP NIYANG MARAMI SIYANG MAKIKILALA RITO. PINAPANGARAP NIYA RIN KASING MAGKAROON NG BOYFRIEND NA FOREIGNER.
NANG DUMATING ANG PASUKAN, BANTULOT NA PUMA-SOK SI CHRISTIAN SA SCHOOL. SOBRANG KABA ANG KANYANG NADARAMA, MARAMING GUMUGULO SA ISIPAN NIYA, LALO NA NG MAKASALUBONG NIYA ANG ILANG KABATAAN...
HEY MAN, WHAT'S UP!
HI...


NEW FACE, ARE YOU NEW HERE ?
YES.
I'M MICHAEL AND THIS IS BRAD. WHAT'S YOUR NAME ?
I'M CHRISTIAN.
WHAT ? I CAN'T HEAR YOU!
CHRISTIAN
COME ON! CAN'T YOU SPEAK LOUDER? ARE YOU JUST TALKING TO YOURSELF? LET'S GO MICHAEL, WERE JUST WASTING OUR TIME WITH THIS MORON!
MANGIYAK-NGIYAK SI CHRISTIAN NA SUMUNOD NA LAMANG SA CLASSROOM...
KUNG SI CHRISTIAN AY BANTULOT SA PAGPASOK SA SCHOOL, SI CAMILLE NAMAN AY SOBRANG EXCITED. ABOT TENGA ANG NGITI NIYA PAGPASOK PA LANG SA GATE NG SCHOOL. LAHAT NG MAKASALUBONG AY BINABATI...
HI THERE!


HI, GOT A NEW FACE. ARE YOU NEW HERE?
YEAH, I'M FROM THE PHILIPPINES. I'M CAMILLE
REALLY, I'M MAY AND THIS IS BIANCA. GLAD TO MEET YOU.
I'M SO EXCITED, REALLY!
GOT A FRIEND IN US... WHERE DO YOU LIVE?
WILLOW STREET. IT'S JUST 4 BLOCKS AWAY FROM HERE.
MASAYANG MASAYA SI CAMILLE SA MGA BAGO NIYANG KAKILALA. MASAYA NIYA ITONG ISINALAYSAY SA KANYANG MGA MAGULANG.
MOMMY, GUESS WHAT? ANG SAYA-SAYA KANINA SA SCHOOL. ANG DAMI KO NA AGAD NAGING KAIBIGAN TAPOS MABABAIT SILA SA AKIN. SA TINGIN KO, MAG-ENJOY TALAGA AKO SA SCHOOL!
MABUTI YUN ANAK. MASAYA RIN KAMING DADDY MO PARA SAYO
O IKAW NAMAN CRIS KAMUSTA KANINA?
OK LANG PO, DAD.
OK KA DIYAN! ANONG OK, BAT GANYAN ANG MUKHA MO, DI NAMAN MUKHANG OK!


OK LANG TALAGA.
CHRIS, MAY PROBLEMA BA? SABIHIN MO LANG SA'MIN NG DADDY MO. ANO YON, IHO?
OK NGA LANG AKO! BAKIT BA ANG KUKULIT NYO!
DADABOG NA TUMAYO AT PU- SA KWARTO SI CHRIS.
NAGKATINGINGAN ANG MAG-ASAWA AT NAG-ALALA SI MRS. SATCHALIAN PARA SA ANAK NA LALAKI.
DAD, ANO KAYANG PROBLEMA NI CHRIS?
BAYAAN MO NA MUNA BAKA NANINIBAGO LANG.
DAD PALA, BUKAS MAGHAHANAP NA RIN AKO NG TRABAHO HA? MEDYO KASI KINAKAPOS NA RIN TAYO. TAPOS MAS MADALI RIN YUNG PAGSASARILI NATIN. MAY MAHAHANAP NAMAN TAYONG APARTMENT NA MURA LANG DI BA?
OO NGA DAD, HINDI NAMAN KELANGANG MAGANDA ANG MATITIRAHAN NATIN PANSAMANTALA LANG NAMAN DIN KASI MEDYO NATATARAYAN NA AKO SA MGA ANAK NI TITA TINA. AKALA KO DATI MABABAIT SILA.


SHHH... ANAK HUWAG KA NGANG GANYAN. MATUTO MUNA TAYONG MAKI-SAMA.
E KASI NAMAN AKALA MO KUNG SINO SILA! HAY NAKU, BASTA ANG ALAM KO MAGANDA AKO KAYSA SA KANILA!
O SYA TAMA NA YAN. TULUNGAN MO MOMMY MO MAGLIGPIT NG KAINAN NATIN.
SA MGA GANITONG PAGKAKATAON MINSAN NAIISIP NI CAMILLE NA MAS MAGANDA NGA ANG BUHAY NILA SA PILIPINAS. LAHAT NG GAWAING-BAHAY AY INAASA NILA SA KATULONG. MERON PA SIYANG DRIVER AT YAYA.
SA PILIPINAS, PRINSESA ANG BUHAY KO... PERO DITO ORDINARYONG TAO LAMANG AKO...
PERO IBA PA RIN DITO SA STATES... NAPAKASOSYAL NG LUGAR AT LIBERATED PA ANG MGA TAO... TALAGANG NAPAG-IWANAN NA NGA ANG PILIPINAS...
SI CHRISTIAN AY DI MAKATULOG NUNG GABING IYON. PARANG AYAW NIYA KASING DUMATING ANG UMAGA DAHIL NATATAKOT AT NAIINIS SIYA SA MANGYAYARI SA PAARALAN. ALAM NIYANG PAGTATAWANAN LANG SIYA NG KANYANG MGA KAKLASE.
SAMANTALA, ISANG LINGGO NANG NAGHAHANAP SI IRMA NG TRABAHO AT...
BAKIT KAYA USO PA RIN ANG RACIAL DISCRIMINATION DITO SA STATES? ANG DAMI NAMING ASIANS SA SCHOOL PERO PAKIRAMDAM KO, WALA AKONG KAKAMPI... PERO HINDI KO PA RIN HAHAYAAN NA LAIT-LAITIN LANG NILA ANG PAGKA PILIPINO KO...
8


I SEE YOU HAVE AN IMPRESSIVE WORK EXPERIENCE BUT WE CAN ONLY OFFER YOU A NURSING AID POSITION.
BUT SIR, I'M A LICENED DOCTOR IN THE PHILIPPINES? IS IT NOT POSSIBLE FOR ME TO PRACTICE MY PROFESSION HERE?
I'M SORRY BUT WE CANNOT CONSIDER YOUR EDUCATIONAL ATTAINMENT. YOU STILL NEED TO UNDERGO TRAINING AND LICENSURE EXAMINATION HERE IN U.S. IF YOU REALLY WANT TO PRACTICE YOUR PROFESSION. BUT FOR THE MEANTIME, YOU MAY WANT TO START AS A NURSING AID FIRST.
OK. HOW MUCH WOULD BE MY SALARY?
IT'S $6 PER HOUR
OK. WHEN CAN I START?
TOMORROW IF YOU WANT.
OK
MERCHANDISING
LULUGO-LUGO SI IRMANG PAUWI SA BAHAY. HINDI NIYA LUBOS MAISIP NA MAGIGING NURSING AID LANG SIYA DITO SAMANTALANG ISA SIYANG SIKAT NA DOKTOR SA PILIPINAS. NAPAPAILING NA LANG SIYA.
DAD, MAGSISIMULA NA KO BUKAS SA SAINT CLAIR MEDICAL CLINIC.
O E DI MAGANDA YUN! ANG BILIS MO NGANG NAKAHANAP NG TRABAHO. ANG GALING TALAGA NG MISIS KO!


E. DAD, NAGDADALAWANG-ISIP NGA AKO KASI NURSING AID LANG DAW ANG PWEDE KONG PASUKAN. BALEWALA DAW KASI YUNG PINAG-ARALAN NATIN SA PILIPINAS. KELANGAN PA NATING MAGTRAINING AT MAG-TAKE NG LICENSURE EXAM DITO.
E DI BA SABI MO NGA, MAGTIYAGA MUNA TAYO. PASASAAN BA'T MAGKAKAROON DIN TAYO NG SAPAT NA EXPERIENCE-MAKAKAANGAT DIN TAYO.
HAY NAKU, TOTOO NGA YUNG MGA SINABI SA ATIN NG ORIENTATION OFFICER SA CFO. MASYADO KASI TAYONG CONFIDENT NA MAKAKAKUHA AGAD NG TRABAHO DITO DAHIL MGA DOKTOR TAYO.
... ANG IMPORTANTE PO SA PAGHAHANAP NG TRABAHO SA IBANG BANSA AY ANG PAGKAKAROON NG SAPAT NA LOCAL WORKING EXPERIENCE. MINSAN, O SA MADALAS NA PAGKAKATAON, ANG INYONG PROPESYON DITO SA PILIPINAS AY HINDI AGAD-AGAD NA MAPA-PRACTICE SA IBANG BANSA...
SILA WILFRED AT IRMA AY NARINIG ANG MGA SINABING IYON SUBALIT MATAAS ANG PAG-ASA NILANG HINDI NILA MARARANASAN ANG GANOONG SITWASYON DAHIL SA TINGIN NILA AY MALAWAK NA ANG KANILANG EXPERIENCE DITO SA PILIPINAS AT NAISIP NILANG MARAMI DIN SILANG MAHIHINGAN NG TULONG PAGDATING DOON DAHIL MAY MGA KAMAG-ANAK DIN SILA NA SA OSPITAL NAGTATRABAHO.
PROMINENTENG DOKTOR NA KAMI DITO SA PILIPINAS. SIGURADONG 'DI NA KAMI MAHIHIRAPANG MAKAHANAP NG TRABAHO SA STATES...
HINDI NAMAN SIGURO KAMI PABABAYAAN NG MGA KAMAG-ANAK NAMIN SA STATES PAGNAG-MIGRATE NA KAMI DUN...
NGUNIT LAHAT NG KANILANG INAKALA AY HINDI PALA TOTOO. MAGING ANG MGA INAASAHAN NILANG KAMAG-ANAK AY HINDI RIN SILA MATULUNGAN DAHIL HINDI USO DOON ANG "PALAKASAN SYSTEM."
IRMA, I'M SORRY, HINDI GANUN KADALI NA IPASOK SI WILFRED BILANG ISANG DOKTOR SA OSPITAL NA PINAGTATRABAHUHAN KO... SA TOTOO LANG, MARAMI NG AKONG KILALA NA MGA MAHUHUSAY NA PILIPINONG DOKTOR NA NURSING AID LANG ANG KINABAGSAKANG TRABAHO DITO...
CAMILLE, ASAN ANG KAPATID MO, BA'T DI PA LUMALABAS?
MOMMY TINAWAG KO NA PO.
PUNTAHAN KO NA LANG.



ANAK, ANAK. HALIKA NA AT KUMAIN.
DAD, BUSOG PO AKO. DI NA PO AKO KAKAIN.
ANAK, MASAMA YAN, LUMABAS KA NA DITO. HIHINTAYIN KA NAMIN NG MOMMY MO.
UUUN... SIGE PO.
NAGULAT SILANG LAHAT NANG PAGLAPIT NI CHRISTIAN SA KAINAN...
ANONG NANGYARI SA MUKHA MO? ANO YAN?
WALA PO MOMMY. NAUNTOG LANG PO AKO.
HINDI, BLACK EYE YAN. ANO BANG NANGYARI?
WALA PO. HINDI NAMAN PO MASAKIT.
SINONG MAY GAWA NIYAN ANAK? ANO BA KASI ANG NANGYARI?
WALA PO... KASI NAMAN PO SINABI KO NA SA INYO DATI PA NA AYOKO TALAGANG PUMUNTA DITO. KAYO LANG NAMAN ANG MAY GUSTO E. SANA INIWAN NIYO NA LANG AKO SA PILIPINAS. MASAYA NA KO DUN KASAMA ANG MGA KAIBIGAN KO.
11



ANAK, ISANG PAMILYA TAYO, DAPAT LANG NA MAGKAKASAMA TAYO. ANO BA KASI ANG PROBLEMA? SABIHIN MO SA AMIN...
ANAK, MAGSABI KA SA AMIN... AYAW MO BA DIYAN SA SCHOOL NA PINAPASUKAN MO? TINGNAN NATIN KUNG PUPUWEDE KANG LUMIPAT. GUSTO MO KAUSAPIN KO ANG PRINCIPAL BUKAS?
HINDI NA MOM. IBALIK NINYO NA LANG AKO SA PILIPINAS, MAS GUSTO KO DOON!
PERO ANAK...
WINAKSI NI CHRIS ANG KAMAY NG INA AT PADA-BOG NA NAMANG TUMAYO AT INIWAN ANG MGA MAGULANG SA HAPAG KAINAN.
DAD, PANO NA TO? PANO NA SI CHRISTIAN?
BIGYAN PA NATIN SIYA NG KONTING PANAHON. NAG-AADJUST LANG SIYA. WAG KA NANG MAG-ALALA.
OO NGA, MOMMY, NANINIBAGO LANG SI KUYA. MAKAKAHANAP DIN SIYA NG MGA KAIBIGAN TULAD KO.
12

LUMIPAS ANG ANIM NA BUWAN...
AKALA NG MAG ASAWA AY MAAYOS ANG LAHAT. HINDI NILA ALAM NA MAY PROBLEMA NA PALANG KINAKAHARAP SI CHRISTIAN DAHIL HALOS ARAW-ARAW SIYANG NAPAG-IINITAN NG MGA KAKLASE. WALA PA RIN SIYANG MAHANAP NA KAIBIGAN.



SI CAMILLE NAMAN AY LAGING MASAYA. HINDI NILA NATANTO NA MALAKI NA PALA ANG NAGIGING PAGBABAGO AT NAIIMPLUWENSIYAHAN NA SIYA NG KANYANG MGA KAIBIGAN.












NAGULAT SI IRMA SA MGA NARINIG NIYA. HINDI SIYA MAKAPANIWALANG ANAK NIYA ANG KAUSAP NIYA. NAGTATAKA SIYA BAKIT GANUN NA LAMANG SIYA KAUSAPIN NG KANYANG ANAK.




LUMIPAS PA ANG ANIM NA BUWAN. LALONG LUMAKI ANG PAGBABAGO NI CAMILLE.
SI CHRISTIAN NAMAN AY PAMINSAN-MINSANG UMUUWI NA MAY BLACK EYE. NAG-AALALA NA ANG MAG-ASAWA.
DAD, PARANG HINDI NA AKO MAPALAGAY. NAG-AALALA AKO SA MGA ANAK NATIN.
ANO ANG IBIG MONG SABIHIN?
SI CAMILLE KASI ANG LAKI NA NG PINAG-BAGO. HINDI SIYA YUNG DATING SWEET BABY KO. SI CHRISTIAN NAMAN SA TINGIN KO AY HINDI TALAGA MASAYA. NAHIHIRAPAN SIYA, DAD.
NAPAPANSIN KO RIN NAMAN YUN E. PERO ANO BA ANG MAGANDA NATING GAWIN?
HINDI KO NA RIN SILÁ MAKAUSAP KASI MAS GUSTO KONG MAG-OVERTIME PARA MAS MADALI TAYONG MAKAIPON PARA MAKAPAGSARILI NA RIN TAYO. TINGNAN MO ANG TAGAL-TAGAL NA NATIN DITO AT NAKIKITIRA PA RIN TAYO. NAKAKAHIYA NA, IRMA. KAHIT SABIHIN PA NG KAPATID MO NA OK LANG, IBA PA RIN ANG NAKIKISAMA.
NAISIP KO NA RIN YUN, DAD. SA TOTOO LANG MARAMING BESES KO NA 'TONG NAPAG-ISIPAN. ANO KAYA KUNG BUMALIK NA LANG TAYO SA PILIPINAS?
SIGURADO KA? PERO WALA NA TAYONG MGA ARI-ARIAN NA BABALIKAN PA DOON. DI BA NAIPAGBILI NA NATIN LAHAT NG ARI-ARIAN NATIN?


PWEDE NAMAN TAYONG MAGSIMULA ULIT DAD.
SIGE, PAG-SIPAN PA RIN NATIN.
LUMIPAS ANG ISANG LINGGO...
ANAK, SAAN KA NA NAMAN NANGGALING? GABI-GABI KA NA LANG LATE KUNG UMUWI.
WHAT DO YOU CARE?!
SUMUNOD NAMANG DUMATING SI CHRISTIAN. NABUGBOG.
ANAK, ANO BANG NANGYARI SAYO?
MOMMY, WALA PO TO.
PERO ANAK... HAY DIYOS KO!
PAGKARATING NI WILFRED NUNG GABING YON AY NAG-USAP AGAD SILA. NAIKWENTO NI IRMA ANG NANGYARI SA MGA ANAK NILA.
DAD, BUMALIK NA LANG TALAGA TAYO SA PILIPINAS. MAS MADALI ANG BUHAY DOON.
MY, HIND. GANUN YUN KADALI. PERO KUNG GUSTO MO, MAUNA NA LANG KAYONG TATLO. MAG-IIPON MUNA AKO DITO, TAPOS SUSUNOD NA RIN AKO. PARA NAMAN KAHIT PAPANO AY MAKABILI ULI TAYO NG BAHAY AT LUPA PARA MAKAPAGSIMULA NG PANIBAGONG BUHAY.
15


SALAMAT DAD.
NANINIWALA AKO NA HINDING-HINDI TAYO MAGKAKAMALI SA DESISYON NATO. PARA NAMAN TO SA KABUTIHAN NG ATING MGA ANAK, PATI NA RIN SA ATIN. HINDI KO NAMAN MAIPAGKAKAILA NA BUMABA ANG PAGPAPAHALAGA KO SA AKING SARILI. IMAGINE MO, SA PILIPINAS IGINAGALANG TAYONG MGA DOKTOR. TAPOS DITO MABABA ANG TRABAHO NATIN.
BAYAAN MO MAKABABAWI RIN TAYO. NAPAKAHIRAP PALA TALAGA NG BUHAY SA IBANG BAYAN. PARANG KULANG LAGI ANG ORAS DITO, ANG BILIS-BILIS NG TAKBO NG BUHAY PARANG WALA KA NANG ORAS HUMINGA.
NAPAGKASUNDUAN NG MAG-ASAWA NA UMUWI NA LANG SILA SA PILIPINAS. PINATAPOS LANG NILA SINA CHRISTIAN AT CAMILLE SA KANILANG PAG-AARAL.
MASAYA SI CHRISTIAN SA NAGING DESISYON NG KANILANG MGA MAGULANG
TALAGA, BABALIK NA TAYO NG PILIPINAS? THANKS MA, DAD.
16


SUBALIT MEDYO NAGMATIGAS PA SI CAMILLE.
HANGGANG DUMATING NA ANG NAKATAKDANG ARAW NG PAGBABALIK NG MAG-INA...
KINALAUNAN, NAGING MAAYOS NA RIN ANG TAKBO NG BUHAY NG PAMILYANG GATCHALIAN SA PILIPINAS. ISANG TAON LANG ANG LUMIPAS AT NAKABILI NA RIN SILA NG BAHAY.
SUMUNOD NA TAON AY UMUWI NA RIN SI WILFRED AT MASAYA SILANG NAGKASAMA-SAMA.
ANG PAGPUNTA NILA SA AMERIKA AY NAGING ISANG MALAKING ARAL SA KANILANG BUHAY TUWING ITO'Y KANILANG NAAALALA, NAPAPANGITI NA LAMANG SILA SA PAGBABALIK TANAW SA KANILANG MGA NAGING KARANASAN SA AMERIKA.
NASASABI NA NILA SA KANILANG MGA SARILI NGAYON NA ANG PAG-UNLAD SA BUHAY AY PUWEDENG MATAGPUAN SA SARILING BAYAN...
WAKAS

# ISANG KASAYSAYANG HANGO SA TUNAY NA KARANASAN NG ISANG MAIL-ORDER BRIDE




ANAK, KONTING TIIS. PAG LUMAKI-LAKI ANG KITA KO SA PAGTITINDA NG PRUTAS SA TALIPAPA, ITATAWID NATIN ANG PAGPAPATULOY NG COMPUTER SECRETARIAL COURSE MO.
PAG NAKATAPOS KA NA SIGURADONG SA MGA MALALAKING KUMPANYA KA NA PAPASOK, HINDI SA MGA MALILIIT NA TINDAHAN NG SAPATOS NA KATULAD NG PINAPASUKAN MO NGAYON. MALIIT NA NGA ANG KITA, MALUPIT PA ANG AMO.
'KA NINYO, SA TRABAHO NAMIN, HINDI LANG AMO ANG MASUNGIT. MASKI MGA NAMIMILI. HINDI MO LANG NAASIKASO AGAD, HALOS PATAYIN KA NA SA TITIG.
PERO, ALAM NINYO, KANINA, MAY MABAIT NA ALENG KOSTUMER ANG KUMAUSAP SA AKIN. GANDANG-GANDA DAW SIYA SA AKIN. ANG PUTI KO RAW AT MATANGKAD. TINANONG PA NGA KUNG MAY BOYFRIEND AKO. PARANG IRERETO PA YATA AKO SA KAIBIGAN NIYANG INTSIK.
ABA, ANAK, INTSIK BA KAMO? BAKA MAYAMAN IYON.
SIGURADO HO. TAGA-TAIWAN PA NGA, EH. TUMANDA NA NGA LANG NA BINATA. KATA-TRABAHO, NALIMUTAN NANG MAG-ASAWA. NGAYON NGA HO AY NAGHAHANAP NA NG MAPAPANGASAWA PARA MAYROON DAW PAGLALAANAN NG MGA NAIPON NIYA.
NAPAKASWERTE NAMAN NG MAPAPANGASAWA NU'N.
ABA, FILIPINA NGA HO ANG HINAHANAP, SABI NI ATE DORY. MALALAMBING DAW KASI ANG MGA FILIPINA AT MAASIKASO PA SA ASAWA.
EH, DI BA KAMO, NIRERETO KA NUONG ALE SA TAIWANESE NA IYON? BAKIT HINDI MO SUBUKAN AT BAKA IYAN NA IYAN NA ANG SUWERTENG HINIHINTAY NATIN.
NAKU NAMAN, INAY, HINDI KO NGA HO KILALA ANG PAGKATAO NOON. DI BA MAY MGA NA-DIYADYARNONG MGA FILIPINANG PINAPATAY NG ASAWANG FOREIGNER. EH KUNG SADISTA PALA IYON?
'KOW, SWERTI-SWERTIHAN LANG IYAN... SANA BISITAHIN KANG MULI NG ALE PARA MALAMAN MO KUNG SAAN MAKOKONTAK ANG TAIWANESE.
2


BINIGYAN NA AKO NG ADDRESS AT TELEPHONE NUMBER NI ATE DORY. KUNG INTERESADO NGA RAW AKO, NEXT WEEK, DARATING ANG TAIWANESE.
EH AYUN NAMAN PALA. ANO PA ANG HINIHINTAY MO? TAWAGAN MO NA AGAD BAKA KAPALARAN MO NA IYAN.
SA ISANG CHINESE RESTAURANT. NAKAUPO SINA SHIELA AT DORY SA ISANG MESANG PANG TATLUHAN.
ATE DORY, ANONG ORAS BA DAW DARATING SINA MR. CHEN? KANINA PA TAYO DITO, AH?
NAPAKA-MAINIPIN MO NAMAN. GANYAN TALAGA ANG MAYAYAMAN SA TAIWAN, GRAND ENTRY. AT SAKA, KARARATING LANG NOON KANINANG UMAGA KAYA BAKA NAGPAHINGA MUNA.
BAKA NAMAN HINDI NA DARATING. UUWI NA LANG AKO.
LOKA-LOKA! ANONG UUWI? EH DI NASAYANG ANG DAMIT AT SAPATOS NA BINILI MO PARA SA UNANG PAGKIKITA NINYO NI MR. CHEN. O, AYAN NA PALA, EH.
OH, MR. CHEN, HUANYING! WELCOME TO THE PHILIPPINES! ZHE SHI XIA OJIE SHIELA DEL ROSARIO.
NI HAO MA? DUIBUQI, WO CHIDAO LE. WO ME LE ILU.


XIA OJIE SHIELA, GAOXING RENSHI RI ?
HSIE, HSIE.
ATE DORY, ANG HIRAP NAMAN NG GANITO. EH NI ISANG INGLES OR TAGALOG NA SALITA, HINDI YATA MARUNONG ITONG TAIWANESE NA ITO.
SHHH... HUWAG KANG MAINGAY. BAKA AKALA NI MR. CHEN AY MAY IPINIPINTAS KA SA KANYA. KUNG MAY GUSTO KANG IPARATING, SABIHIN MO NA LANG SA AKIN AT I-TRA-TRANSLATE KO. AYAN, O. NAKANGITI SAIYO, NGITIAN MO RIN...
NGIII, BAKIT MAITIM ANG MGA NGIPIN NIYA?
TUMIGIL KA NGA DIYAN. GANYAN TALAGA ANG MGA MAYAYAMANG INTSIK, MAHILIG MAG-NGANGA.
SHEME ? XIWANG NI MINGBAI NO SPEAK PHILIPPINE.
OH, MR. CHEN, SHIELA IS JUST SAYING HOW GOOD-LOOKING YOU ARE AND HOW MUCH SHE IS EXCITED ABOUT LEAVING FOR TAIWAN AND BEING YOUR WIFE.
IS THAT SO ? THEN, THAT IS GOOD... SHIELA IS A VERY BEATIFUL GIRL. I WOULD LOVE TO MARRY HER. I'M SURE MY MOTHER WILL LIKE HER COMPANY AS WELL. ARE YOU SURE SHE IS USED TO DOING HOUSEHOLD CHORES ?
ANO BA ANG SINASABI NG BEHONG 'YAN? BAKIT PARANG ANG SAYA-SAYA NIYA?


NAKU, SHIELA, GANDANG-GANDA SIYA SA IYO. BAGAY NA BAGAY DAW SA IYO IYONG BINILI NIYA SA TAIWAN NA MGA ALAHAS. SIGURADONG TITINGKAD SA KAPUTIAN MO.
TALAGA? SABIHIN MO SA KANYA, HINDI NAMAN KAILANGANG MAY-ALA-ALAHAS PA. HINDI PA NAMAN AKO NAGDIDISISYON KUNG PAKAKASAL NA NGA KAMI.
MR. CHEN, SHIELA SAID THAT IN THE PROVINCE SHE IS USED TO DOING FARM WORK. IN FACT, HER FATHER ALSO TAKES CARE OF FARM ANIMALS LIKE THE ONES YOU HAVE IN PINGTUNG PROVINCE. SHE SAID THAT SHE CAN ALSO COOK AND CLEAN HOUSES VERY WELL.
THAT'S GOOD, THAT'S GOOD!! AND HOW DOES SHE FEEL ABOUT TAKING CARE OF AN ELDERLY WOMAN LIKE MY BELOVED MOTHER?
